Washington State Governor's Office of the Education Ombuds

155 NE 100th St. - Suite 210
Seattle, WA 98125-8012
Toll-free: 1-866-297-2597

Web: www.oeo.wa.gov
Email: oeoinfo@gov.wa.gov
Fax: 206-729-3251

Pakikipagtulungan sa Washington State Governor's Office of the Education Ombuds (Opisina ng Education Ombuds ng Governor ng Washington State)

Salamat sa pakikipag-ugnayan sa Office of the Education Ombuds (OEO) ng Governor ng Washington State. Nagagalak kaming makipagtulungan sa iyo. Naglalaman ang page na ito ng ilang mahalagang impormasyon tungkol sa aming tanggapan.

Kasama sa staff ng OEO ang 5 Education Ombuds na nakikipagtulungan sa mga pamilya at paaralan sa buong estado upang lutasin ang mga problema na nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral. Isinusulong namin ang komunikasyon at tulung-tulong na paglutas ng problema, ngunit hindi kami isang ahensyang nagpapatupad ng batas.

Ang Mga Education Ombuds Ay:

- Nakikinig upang maintindihan ang iyong mga tanong at alalahanin tungkol sa mga mag-aaral;
- Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga proseso ng pampublikong paaralan at sa mga karapatan at pananagutan ng mga mag-aaral at magulang; at gumagawa ng mga rekomendasyon sa mga naaangkop na resource;
- Nagtatanong upang matulungan kang matukoy, maintindihan at masuri ang mga posibleng opsyon para sa paglutas sa mga alalahanin;
- Tumatayo bilang isang tagapakinig na walang kinikilingan;
- Nag-aalok ng suporta at pagpapayo sa paglutas sa mga hindi pagkakasundo at pagbuo ng mabisang komunikasyon;
- Kinokonsulta ang mga pamilya, nagtuturo at iba pa upang mabigyang-linaw ang mga isyu at makapagsulong ng direktang komunikasyon sa pagitan ng mga pamilya at paaralan; at
- Nagbabahagi ng mga pinakamahusay na kasanayan para sa pagpapahusay ng pakikiisa ng pamilya sa mga paaralan.

Kumpidensyal ang mga komunikasyon sa OEO, at hindi ibubunyag ng OEO ang impormasyon tungkol sa tumatawag o mag-aaral nang hindi nakakatanggap ng **paunang nakasulat na pahintulot** mula sa isang magulang o legal na tagapag-alaga o nasa hustong gulang na mag-aaral. Kung makakatanggap ang OEO ng paunang nakasulat na pahintulot, maaaring tumulong ang Ombuds sa pagbibigay-linaw at paglulutas sa mga isyu sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa paaralan o staff ng distrito. Dahil sa mga limitadong resource, bihirang makakadalo ang Ombuds sa mga pulong nang personal o sa pamamagitan ng telepono, ngunit maaaring pag-isipang gawin ang mga ito sa mga limitadong sitwasyon at para sa isang pulong lang, upang makatulong sa pag-intindi at mabisang komunikasyon sa pagitan ng mga pamilya at paaralan.

Ang Education Ombuds ay Hindi:

- Nagbibigay ng legal na payo o pagkatawan;
- Nagsusulong sa ngalan ng sinumang indibidwal o organisasyon, kabilang ang isang indibidwal na mag-aaral o magulang;
- Nagpapatupad ng mga batas o regulasyon;
- Nagsasagawa ng mga pormal na imbestigasyon o nagbibigay ng resulta; o
- Maaaring magbigay ng utos sa mga paaralan o distrito na magsagawa ng anumang partikular na aksyon.

Ang OEO ay isang **hiwalay na ahensya ng estado.**

Ang aming mga serbisyo ay:

- ✓ **LIBRE**
- ✓ **KUMPIDENSYAL**
- ✓ **WALANG KINIKILINGAN**
- ✓ **GINAGAWA NANG TULUNG-TULONG** at
- ✓ Available sa **mga pamilya, nagtuturo** at **iba pa** na may mga tanong o alalahanin na nakakaapekto SA SINUMANG BATA na pumapasok o kwalipikadong pumasok sa **Washington State K-12 na mga pampublikong paaralan.**

Hindi matitiyak ng OEO ang mga partikular na resulta ngunit ginagawa namin ang lahat upang intindihin ang iyong mga alalahanin, magbahagi ng nauugnay at tumpak na impormasyon, at magmungkahi ng mga opsyon para sa tulung-tulong na paglutas ng problema upang suportahan ang mga mag-aaral. Bilang isang maliit na ahensya ng estado, sinusubukan naming magtrabaho nang patas at sa abot ng makakaya ng aming mga resource. Hindi makakapagbigay ang Ombuds ng tulong kung hindi tiyak ang panahon ng pagtatapos ng isyu o nang pangmatagalan sa mga indibidwal na usapin.

Governor's Office of the Education Ombuds

155 NE 100th St. - Suite 210
Seattle, WA 98125
Libre: 1-866-297-2597

www.oeo.wa.gov
Email: oeoinfo@gov.wa.gov
Fax: 206-729-3251

Pahintulot na Makipag-ugnayan sa Paaralan at Distrito

Iginagalang ng OEO ang privacy mo at ng iyong mga mag-aaral. Kumpedensyal ang ating mga pag-uusap. Maliban kung kailangan sa batas, hindi namin ibinabahagi ang impormasyon mo at ng iyong mga mag-aaral nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot.

Pagkatapos makipag-usap sa isang Education Ombuds, kung pareho kayong sang-ayon na angkop na makipag-ugnayan ang Education Ombuds sa paaralan at/o distrito tungkol sa iyong anak, kakailanganin muna ng Ombuds ang iyong nakasulat na pahintulot.

- **Kung gusto mong makipag-ugnayan ang iyong Ombuds sa paaralan at/o distrito ng iyong anak, mangyaring basahin, pirmahan at ibalik ang form na ito.**
- **Magpadala ng pinirmahang kopya sa OEO sa pamamagitan ng sulat sa address sa itaas, o sa pamamagitan ng email sa OEOinfo@gov.wa.gov, o sa pamamagitan ng fax sa (206) 729-3251.**

Petsa ngayong araw _____

Ako ang [] magulang o [] legal na tagapag-alaga ng mag-aaral na nakalista sa ibaba.

Ako ang [] mag-aaral at ako ay 18 taong gulang o mas matanda pa.

Naiintindihan ko na tumutulong ang Office of Education Ombuds sa akin bilang isang hiwalay at walang pinapanigang third party upang subukang lutasin ang mga alalahanin tungkol sa edukasyon ng aking anak, at na hindi nagbibigay ng legal na pagkatawan o payo ang Education Ombuds.

Binibigyan ko ang Office of the Education Ombuds at ang staff ng paaralan/distrito, ng pahintulot na talakayin ang aking sitwasyon at gamitin ang pangalan ko/ng aking mag-aaral at iba pang nauugnay na impormasyon na maaaring nakalagay sa mga tala sa edukasyon upang matulungang lutasin ang aking mga alalahanin/problema.

_____	_____
Pangalan ng Distrito ng Paaralan	**Pangalan ng paaralan**
_____	_____
Pangalan ng mag-aaral	**Petsa ng kapanganakan ng mag-aaral**
_____	
Pangalan ng magulang/legal na tagapag-alaga	
_____	_____
Pirma ng Magulang/Legal na tagapag-alaga *O*	**Pirma ng mag-aaral (Kung 18 taong gulang o mas matanda)**